Disability Rights California
California's Protection & Advocacy System
Toll-Free (800)776-5746
www.disabilityrightsca.org

WELLNESS • RECOVERY • RESILIENCE

Papaanong Tutulan ang Diskriminasyon sa Pabahay na Nakabatay-sa-Kapansanan

1. Ano ang diskriminasyon sa pabahay na nakabatay-sa-kapansanan?

Kung mayroon kang kapansanan sa kalusugan sa pag-iisip sa California, may mga karapatan ka sa ilalim ng batas ng estado at pederal na maging malaya sa diskriminasyon sa pagbibili o pagrenta sa pabahay.

Ang diskriminasyon sa pabahay ay maaaring magaling sa maraming anyo, kabilang ang:

a. hindi pagrenta o pagbenta sa isang tao na may kapansanan.
b. gumagawa ng mga pahayag nang may pamimili sa isang mangungupahan o isang aplikante na may kapansanan; o
c. hindi gumagawa ng mga makatwirang pagbabago sa mga tuntunin, patakaran o mga kasanayan.

2. Papaano kong matututulan ang diskriminasyon sa pabahay na nakabatay-sa-kapansanan?

Ang mga sitwasyong kasangkot ang posibleng diskriminasyon sa pabahay ay maaaring mahirap na mapangasiwaan. Maaaring gusto mong hilingan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, tagapangasiwa ng kaso, provider ng health care, o tagapagtaguyod na tulungan kang subukang malutas ang isyu sa kasero o sa may-ari ng ari-arian.

Kung sa palagay mo'y naging isa kang biktima ng diskriminasyon sa pabahay na nakabatay-sa-kapansanan, maaari kang:

Makipagtulungan sa Kasero, Nagbebenta o Realtor
Kung sa palagay mong nadiskrimina ka ng isang kasero, nagbebenta o realtor, dapat mong sabihin sa kanila ang tungkol sa iyong mga alalahanin. Kung ayaw nilang pag-usapan ang tungkol dito, padalhan sila ng sulat na sinasabi sa kanila ang tungkol sa iyong mga alalahanin at bigyan sila ng petsa kung kailan mo gusto ng sagot. Subukang makipag-ayos muna sa kanila bago ka maghain ng pormal na reklamo. Maaaring magbigay ang iyong lokal na organisasyon sa patas na pabahay ng libre o mga serbisyong mababa-ang-bayad na maaaring makatulong na maiwasan ang demanda. Makakahanap ka ng listahan ng mga organisasyon sa patas na pabahay sa www.fairhousing.com.

Maghain ng Reklamo sa DFEH
Sinisiyasat ng California Department of Fair Employment and Housing (DFEH) ang mga reklamo sa diskriminasyon sa pabahay. Maaari kang maghain ng reklamo sa DFEH sa (800) 233-3212 (TTY (800) 700-2320), o sa www.dfeh.ca.gov. Ang reklamo sa DFEH ay dapat na maihain sa loob ng **isang taon** pagkatapos ng pangyayari.

Maghain ng Reklamo sa HUD
Iniimbestigahan ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) ang diskriminasyon sa pabahay sa ilalim ng mga batas pederal. Ang Section 504 ng Rehabilitation Act ay lumalapat sa ilang uri ng pabahay na pampublikong-pinopondohan. Ang Fair Housing Act (FHA) ay lumalapat sa pampubliko at pribadong pabahay. Maaari kang maghain ng reklamo sa HUD sa (800) 669-9777(TDD (800) 927-9275) o www.hud.gov. Ang reklamo sa HUD sa ilalim ng FHA ay dapat na maihain sa loob ng **isang taon** pagkatapos ng pangyayari. Ngunit ang reklamo sa ilalim ng Section 504 ay dapat na maihain sa loob ng **180 araw** pagkatapos ng pangyayari.

Maghain ng Kaso
Maghain ka man o hindi ng reklamo sa DFEH o HUD, maaari kang maghain ng kaso sa korte ng estado o pederal. Ang isang kaso ay dapat na maihain sa loob ng **dalawang taon** pagkatapos ng petsa ng pangyayari.

Ang ilang bagay na maaaring makuha mo ay kabilang ang:

a. isang utos na maaari mong bilhin o upahan ang ari-arian;

b. isang utos na makakakuha ka ng mga makatwirang akomodasyon o pagbabago;
c. isang utos na magbago ang kasero, nagbebenta o realtor ng tuntunin;
d. kabayaran sa binayarang gastos; at/o
e. pera sa mga danyos.

3. Papaano ko malalaman ang higit pa?

Kung may mga katanungan ka tungkol sa iyong mga karapatan o obligasyon sa ilalim ng mga batas ng estado at pederal na pinoprotektahan ang mga taong may kapansanan sa diskriminasyon sa pabahay, kontakin ang Disability Rights California:

Tel: (800) 776-5746
TTY: (800) 649-0154
www.disabilityrightsca.org

Gusto namin makabalita mula sa iyo! Pagkatapos basahin ang fact sheet na ito mangyaring gawin ang maikling survey na ito at ibigay sa amin ang iyong feedback.

Ingles na bersyon:

http://fs12.formsite.com/disabilityrightsca/form54/index.html

Espanyol na bersyon:

http://fs12.formsite.com/disabilityrightsca/form55/index.html

*Ang **California Mental Health Services Authority (CalMHSA)** ay isang organisasyon ng mga gobyerno ng probinsya na gumagawa para pabutin ang mga kinahinatnan ng kalusugan sa pag-iisip para sa mga indibidwal, pamilya at mga komunidad. Ang mga programa ng Prevention and Early Intervention na ipinapatupad ng CalMHSA ay pinopondohan ng mga bansa sa pamamagitan ng voter-approved Mental Health Services Act (Prop 63). Prop. 63 ay ipinagkakaloob ang pagpopondo at kaayusan na kinakailangan para palaganapin ang mga serbisyo sa kalusugan sa pag-iisip sa dati nang hindi nararapat na mga populasyon at lahat ng sari-saring komunidad ng California.*